Nagtuturo si **JOMAR G. ADAYA** ng mga kurso sa panitikan, kultura, at malikhaing pagsulat bilang Kawaksing Propesor sa Kagawaran ng Filipinolohiya ng Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas, Sta. Mesa, Maynila. Nagsisilbi rin siyang Hepe ng PUP Center for Philippine Studies. Proponent at tagapangasiwa ng proyektong *Sudlanan: PUP Online Repository on Philippine Studies,* isang onlayn na sinupan ng mga publikasyon sa Araling Pilipino na libreng maaakses ng publiko. Nagtapos siya ng AB Filipinolohiya at MA Filipino sa PUP, at kasalukuyang kumukuha ng programang PhD in Philippine Studies sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Kasapi siya ng Concerned Artists of the Philippines, PUP Chapter.

Isang transdisciplinary artist si **STEFANI J. ALVAREZ.** Naging OFW sa Saudi Arabia noong 2008 hanggang 2022. Nagkamit siya ng National Book Award ng Manila Critics' Circle para sa Best Book of Non-Fiction Prose in Filipino para sa kaniyang unang librong *Ang Autobiografia ng Ibang Lady Gaga* (Visprint, 2015). Kinilala rin sa nasabing parangal para sa Best Book of Short Fiction ang kaniyang nobelang *Kagay-an, At Isang Pag-Ibig Sa Panahon ng All-Out War* (Psicom-Literati, 2019). Ilan sa kaniyang collaborative projects mula literary exhibit, mixed-media installations at performance art videos ay itinanghal sa Hongkong, Dubai, New York, Stuttgart, at London. Pinagkalooban ng 10-month art residency bilang textual fellow sa Akademie Schloss Solitude sa Stuttgart, Germany para sa kaniyang *The Other Lady Gaga Project*. Bisitahin ang kaniyang website: stefanijalvarez.com.

Si **MESÁNDEL VIRTUSIO ARGUELLES** ay editor, tagasalin, at guro ng panitikan at malikhaing pagsulat sa De La Salle University-Manila—kung saan siya nagtapos ng PhD sa Literatura. Saklaw ng kanyang interes ang kontemporanyong sining, konseptuwal na pagsulat, pelikula at bidyo, instalasyon, found object, at eksperimentasyong text-based kaugnay ng mga konsepto ng panahon, alaala, wika, kawalan, kaakuhan, anonimidad, sex, at intimacy. Ang mga salin sa Ingles ni Kristine Ong Muslim ng kanyang mga tula ay nalathala na sa *Asymptote*, *Words Without Borders, Copper Nickel, Poetry London*, at iba pa. Nagawaran ng Gantimpalang Palanca at Maningning Miclat Poetry Award at

fellowship mula sa UP National Writers' Workshop at Bienvenido N. Santos Creative Writing Center National Workshop on Art and Cultural Criticism, awtor siya ng higit 20 aklat kabilang ang *Twelve Clay Birds: Selected Poems* (University of the Philippines Press, 2021), *Asinkrono: Isang Nobela* (De La Salle University Publishing House, 2021), at *Ang Aming Lungkot ay Amin* (Librong LIRA, 2023).

Si **U Z. ELISERIO** ay awtor ng *Libreng Pagkain, Libreng Pabahay, Libreng Medisina, Libreng Edukasyon* (2023). Nagtuturo siya ng wika, kultura, at lipunan, sa Departmento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas, UP Diliman. Bisitahin siya sa ueliserio.com.

Si **CARLO REY MIGUEL M. ENRILE** ay nagtapos ng Batsilyer ng Artes sa Filipinolohiya sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas. Mahilig sumulat at umawit. Interes niya sa pagsulat ang perspektiba ng isang bata, sa pagsalubong o pakikisalamuha nito sa mundo at sa proseso ng pagpapalawak ng kaniyang kaalaman sa karanasan sa lipunan.

**LYRA A. GARCELLANO**'s research centers on the exploration of art ecosystems and historical narratives, and her output is often presented as installations, paintings, moving images, comics and writing. She is a graduate of interdisciplinary studies of the Ateneo De Manila University and holds degrees from the University of the Philippines: a BFA degree from the College of Fine Arts and an MA in Art Theory and Criticism from the Department of Art Studies.

Kasalukuyang guro ng panitikan si **JOHN CARLO S. GLORIA** sa Kagawaran ng Filipino ng Pamantasang Ateneo de Manila. Nagtapos siya ng kaniyang Masterado sa Panitikang Filipino sa nasabing institusyon at ng kaniya namang batsilyer sa Pamantasang Normal ng Pilipinas. Mababasa ang naisulat niyang mga tula at kuwento sa ilang antolohiya at dyornal sa loob ng bansa.

Si **RONEL OSIAS** ay isang guro, at rehistradong manunulat. Kasapi ng Linangan sa Imahen, Retorika, at Anyo (LIRA), at Midnight Collective. Naging fellow, at itinanghal na isa sa apat na Pinakamahuhusay na Manunula sa SPEAKS-Up! Spoken Word Poetry Workshop 2020 ng PETA Lingap Sining. Nailathala na ang ilan sa kaniyang mga akda sa *Liwayway Magazine*, *Lagda* (Journal ng UP Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas), *Pitong Pantig, Pintig, at Pagitan* ng NCCA, sa una, at ikalimang isyu ng Santelmo ng San Anselmo Publication, Inc. at sa antolohiyang *To Let The Light In* ng Sing Lit Station sa Singapore.

Si **ALEC JOSHUA PARADEZA** ay isang manunulat tubong Zambales. Napabilang na siya sa iba't ibang palihan gaya ng Iyas National Writers' Workshop, Palihang Rogelio Sicat, at Amelia Lapeña Bonifacio Writers Workshop. Pinagpala rin siyang magwagi sa ilang mga patimpalak sa panitikan, kabilang ang Normal Awards at Palanca Awards, maging sa experimental short films. Sa kasalukuyan, sinusubukan niyang isapapel ang mga tinatanaw na posibilidad ng queer narratives—o anumang attributes nito—at kung paanong ang kwento ay sabay na pagbubuo ng mundo sa sarili at pagbubuo ng sarili sa mundo. Mahilig siya sa tokwa.

Nagtapos ng Masterado sa Malikhaing Pagsulat sa Unibersidad ng Pilipinas – Diliman, kasalukuyang kumukuha ng Doktorado sa Pilosopiya sa Panitikan ng Pilipinas sa nasabing pamantasan si **MARK ANTHONY S. SALVADOR.** Mababasa ang kanyang mga akda sa *Kawing, Rappler, Tomas, Dx Machina: Philippine Literature in the Time of Covid-19 1, Likhaan, Entrada, Reflective Practitioner, Pylon, Bookwatch, Liwayway, Agos,* at *Luntian journal.* Nagtamo siya ng unang gantimpala sa kategoryang sanaysay sa Saranggola Blog Awards 2022. Kasalukuyan siyang assistant professorial lecturer sa Departamento ng Filipino ng Pamantasang De La Salle – Maynila, at senior lecturer sa Departamento ng Humanidades ng UP – Los Baños. Mahilig siyang magkape, magdyornal, maglakad, manood ng mga anime, at mangarap.

**JESUS EMMANUEL S. VILLAFUERTE** is a college instructor based in Manila, Philippines. His research articles have been published in the *Kritike Journal of Philosophy*, *Reading the Regions 2* (NCCA), and *Entrada* among others. He has also presented his papers in several national and international conferences such as the Anthropocene Conference 2018 in Hong Kong, and the Deleuze in Asia International Conference 2017 & 2018 in Singapore and Naga, Philippines respectively. His research interests include the study of futurity, utopian impulses and wish pictures, aesthetics, and popular cultural forms.